TAMPOK sa lingguhang TOPS Usapang Sports via online ang MILO at ang Department of Education ito ay kaugnay ng bagong programang upang i-promote ang ehersisyo sa mga bata habang nasa home-based learning parin sa kasalukuyan ang mga ito gawa ng pandemya.

We always believe that active kids are better learners, that's why with our programs shifted into digital based, we launched another way to help our kids boost their lifestyle into healthier and better performers in school and in sports," pahayag ni Lester Castillo, Asst. Vice president ng Nestle Philippines.

Kung saan ay tumalakay din ng iba pang karagdagang kaalaman para sa MILO Champion Habit, ito ay ang Active Kids are Better Learners; maging ang MILO Champion Habit program kasama ang Partnership na DepEd.

"Yung konsepto ng pagpapahalaga sa sports o pag-engage sa physical activities, sports competitions ay isang mandato na nakaploob mismo sa ating saligang batas. Iyan ay isang polisiya ng ating estado na bigyang prayoridad ang pampalakasan…mahalaga po ang mga paggalaw at physical activities sa konteksto ng palakasan, dahil ayan po ang itinatadhana ng batas," paliwanag ni DepEd Undersecretary Tonisito Umali sa programang hatid ng Philippine Sports Commission (PSC), Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) at Games and Amusement Board (GAB).

"Kaya kami ay nagpapasalamat sa Milo Philippines, dahil kahit sa panahon ng pandemya, dahil sa kanila natutulungan nila ang kagawaran ng edukasyon kung papaano maisulong at maisakatuparan ang mandatong ito, sa pamamaraan katulad po ng Milo Champion habit."

# ’WAG IPITIN ANG MGA TINDERO’T TINDERA!’

**“Aminado akong kabado ako sa pagpataw ng price freeze sa baboy at manok. Bakit ang mga maliliit na tindero at tindera ang ituturo at maiipit kung sa mga mas naunang transaksyon posibleng nangyayari ang pagtaas? Paano nga naman kung ang ibinabagsak na sa kanila ay mahal na paninda naman talaga?”**

This according to Senator Risa Hontiveros, as she urged the government to ensure retailers and market vendors are protected from being blamed for the normal increase in prices when there are shortages or when unscrupulous players upstream jack up the prices.

During the joint Senate committee hearing on rising food prices, where proposals for price freezes were also discussed, Hontiveros urged the Department of Agriculture (DA) to improve its surveillance and zero in on specific industry players who may be responsible for the extraordinary price escalations, even when farm gate prices remain low.

“Maganda naman ang layunin ng moratorium sa price increase sa mga bilihin. Pero kailangang siguraduhin na hindi maiipit at pagdidiskitahan ang mga manininda natin sa palengke. Baka kasi sa farm gate, assembler, processor, sa cold storage, o sa byahe papuntang palengke nangyayari ang pagtaas ng presyo,” she noted.

She then called on the Department of Trade and Industry (DTI) and Department of Agriculture (DA) to investigate and identify at which level in the value chain the possible ‘overpricing’ is happening. The senator also recommended that the agencies work with the Philippine Competition Commission (PCC) for strict monitoring and imposing possible sanctions on violators.

“Dumulog na ba tayo sa Philippine Competition Commission (PCC) para magtanong kung saang bahagi nagkakaroon ng labis-labis na pagpapataas ng presyo ng baboy at manok, kung ito ay nangyayari nga?,” she asked.

Hontiveros hopes DA could heed DTI Sec. Ramon Lopez’s recommendation to impose suggested retail price (SRP) not only on retailers, but at all levels of the value chain from farm gate, wholesalers and traders. The senator says that this is how the axe can be made to fall precisely where it should.

“Dapat na magtulungan ang PCC, DA at DTI na alamin kung saan nagaganap ang pagpapatong ng malaki at tugisin kung sinu-sino ba talaga ang nananamantala, imbes na magkaroon ng pangkalahatang price control.” Hontiveros concluded. ***PR***

# Spox Roque, lumahok sa pagtatanim ng puno

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA)** -- Nakiisa si Presidential Spokesperson Harry Roque sa seremonya ng pagtatanim ng unang batch ng nalalabi pang 900,000 puno na kukumpleto sa limang milyong puno na hangad itanim ng Rio Tuba Nickel Mining Corporation (RTN) sa Barangay Rio Tuba, Bataraza, Palawan kamakailan.

Ito ay upang makatiyak at personal aniya niyang masaksihan ang ginagawang pagpapanumbalik ng ilang kumpanya ng pagmimina sa kanilang naminang lugar.

"Importante na maiparating hindi lang kay Presidente kundi maging sa mga mamamayan na may isang malaking mining company na talagang tumutugon sa sinasabing sustainable at responsible mining," ani Roque.

Ayon kay Roque, nais niya na mismong makita ang pagtatanim ng mga puno sa mga komunidad ng pagmimina, kung saan humanga siya sa RTN sa pagsisikap nito na makapagtanim ng milyun-milyong puno sa lalawigan.

Bukod dito, tuloy tuloy din ang mga hakbang ng gobyerno upang mapanatili ang sigla at ganda ng likas na yaman ng bansa.

Nais din ng kalihim na mailatag at patunayan kay Pangulong Rodrigo Duterte na hindi lahat ng pagmimina sa bansa at iresponsable sapagkat sa Bataraza aniya ay may kompanyang nag-iingat sa kalikasan habang may operasyon ng pagmimina.

Samantala, sa kasalukuyan, ang RTN ay mayroon nang naitatalang 4.1 milyon na punong naitatanim at nabuhay sa iba’t ibang lugar na sakop ng kanilang programang ‘mine rehabilitation and reforestation’. ***(LBD/PIAMIMAROPA)***

# Bomba, natagpuan

**ISANG** bomba ang natagpuan habang hinuhukay ang isang ginagawang bahay sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite.

Sa ulat ng pulisya, dakong alas-8:15 ng gabi natagpuan ang bomba ng isang Johnnybel Almodel, factory worker, ng Bayson compound, Barangay Malia, GMA.

Nauna rito, naghuhukay ng lupa ang ilang manggagawa sa bahay ni Almodel nang nakita ang nasabing bomba dahilan upang i-report sa pulisya.

Ayon sa barangay officials sa lugar, marami ng vintage bomb ang narekober sa nasabing lugar.

Ang vintage bomb, na isang UXO105mm Projectile ay nasa kustodiya na ng Explosive Ordnance Division ng GMA . ***GENE ADSUARA***

# Mga ‘pasaway’ dinampot

**FEELING** normal na ang sitwasyon, ipinakita ng mga alagad ng batas sa Cavite na nasa ilalim pa rin ng Community Quarantine ang probinsiya matapos pagdadamputin ang tinatayang apatnapu’t katao na mga pasaway.

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Office (PPO), tatlumpu’t katao ang dinampot sa pagitan ng alas-3:00 ng hapon hanggang alas-10:00 ng gabi dahil sa hindi pagsusuot ng face mask sa bayan ng Rosario.

Sa Bacoor City, apat katao ang hinuli dakong alas-4:00 ng madaling araw dahil sa paglabag sa curfew bukod pa sa hindi pagsusuot ng facemask.

Hindi rin nakaligtas ang anim na katao nang dampутin sila ng mga operatiba ng Naic Municipal Police Station dakong alas-3:00 hapon dahil sa hindi pagsusuot ng facemask.

Ang mga inaresto ay binalaan, pinangaralan at pinanood ng video presentation hinggil sa batas ng Community Quarantine at sasailalim sa community service.

Ang probinsiya ng Cavite ay nasa ilalim ng Modified General Community Quarantine (MGCQ) hanggang February 28. ***GENE ADSUARA***

# Gov’t troops encounter NPAs, recover firearms in Quezon

**CAMP CAPINPIN, Tanay, Rizal** --Combined elements of the AFP-PNP recovered five firearms after a 25-minute intense firefight against 10 NPA terrorists in Brgy Bulo, Mulanay, Quezon on Tuesday, February 2 at 4:30 in the afternoon.

Government troops were able to recover three M16 rifles, one M203 grenade launcher, and an AK47 rifle left by the terrorists belonging to Sub Regional Military Area or SRMA 4B under alias Marvin, an NPA group conducting terror activities in the province.

MGen Greg T Almerol, Commander of 2ID said there were no casualties on the government forces while still being verified on the enemy side.

"This milestone is a result of the combined efforts of concerned citizens and former rebels in providing real-time information regarding the presence of NPAs in the community, being one with the government toward its finishing touches to fully end insurgency in the country."

Almerol ended his statement by commending the seamless relationship of the soldiers, police, and other government agencies toward advocating peace, serving the people, and continuously defending Filipinos from the threats of terrorism.

Joint AFP-PNP checkpoints have been established in the area to support the ongoing pursuit operations against the fleeing terrorists.

All available military assets have been placed on high alert. ***(PA 2ID DPAO)***

# DA, mga kasaping ahensya namahagi ng kagamitan sa mga katutubo

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO**, Pampanga (PIA) -- Namahagi ang Department of Agriculture o DA kasama ang iba't ibang ahensya ng mga kagamitang pangsaka sa mga katutubong Aeta sa barangay Binaritan sa Morong, Bataan.

Kaugnay ito ng proyektong Kanawan Magbukun Project o Magbukun Agri Eco Projects na may mithiing mapalago ang lupain ng mga katutubo.

Ayon kay DA OIC-Regional Technical Director for Research, Regulatory and Integrated Laboratory Arthur Dayrit, nakapag-abot na ng iba't ibang alagaing hayop at kagamitan ang kagawaran sa mga katutubo sa komunidad.

Kasama na rito ang walong kalabaw na nagkakahalaga ng 399,600 piso; walong baka na nagkakahalag ng 319,600 piso; isang hand tractor na may halagang 75,000 piso; at isang Shallow Tube Well na nagkakahalaga ng 125,000 piso.

Naivalidate na rin ang proposed Farm-to-Market-Road Project, Investment in Rural Enterprise and Agriculture and Fisheries Productivity o I-REAP Subproject na popondohan ng DA-Philippine Rural Development Program, at ang planong pagkakaloob ng assorted vegetable seeds, fruit trees, high-density polyethylene pipe, 200 na manok at cassava cuttings.

Samantala, nakapagbahagi rin para sa pagsasakatuparan ng proyekto ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ng Training on Various Aquaculture Technologies (36,000 piso); Mangrove Rehabilitation Project (43,000 piso); nakapagtayo ng dalawang yunit ng Aquasilviculture project (164,620 piso); dalawang yunit ng Fish Cages para pangkabuhayan (652,224 piso); dalawang yunit ng Motorized Fishing Boat (90,000 piso), at limang Seaweeds Farming Implements (450,000 piso).

Sa bahagi ng Bureau of Soil and Water Management, tinuro ni Supervising Agriculturist Jose Manguerra sa isinagawang pagpupulong ang Soil Conservation Approach for Cassava Production by Slope Type.

Ipinahayag naman ng Agricultural Training Institute ang suporta sa proyekto ngunit nanawagan ito na kung maaari ay mga farm leaders, youth leaders at Local Government Unit o LGU na kabahagi sa policy making ang kanilang bibigyang pagsasanah.

Ito ay sa kadahilanang gusto nilang LGU ang nakauna para sa mas mabilis na pagpapakalat ng mga kaalaman at pagsasanay sa mga magsasaka.

Kaugnay nito, nagpasalamat si Glenn Villaroman ng Products Planters, Inc. sa mga tulong na kagawaran sa pagsulong ng proyekto para sa mga katutubong aeta.

Aniya makakaasa ang iba't ibang mga kasapi rito sa walang hanggang pagsisikap upang mapagtagumpayan ang proyektong ito.

Dagdag pa niya ito ay masisislbing shining beacon na pwedeng ulit-ulitin saan mang bahagi ng bansa para maiahon natin ang ating mga kapatid at ang ating bansa. ***(CLJD/GLSB-PIA 3)***

# BOC Receives Radiation Detection Equipment from the US

**THE** Bureau of Customs (BOC) on 1 February 2021 received radiation detection equipment from the United States Department of Energy Nuclear Smuggling Detection and Deterrence (US DOE NSDD) for stronger border protection and security capability.

The US donation of 4 Radioisotope Identification Device Radseeker CS and 2 Radiation Pagers will support the detection operations of the Megaports Radiation Detection System installed at selected ports – Port of Manila, Manila International Container Port and Port of Cebu.

The equipment shall complement the existing border security equipment and programs of the Bureau specifically in the detection of radiological and nuclear materials. The donations are expected to enhance the Philippine’s capability in monitoring and protecting the country’s border against the entry of radioactive materials that could be used in making nuclear weapons.

Customs Commissioner Rey Leonardo B. Guerrero, in his message, thanked the US government for the logistical support extended to BOC towards improvement of its trade control systems and border security measures.

The ceremonial turnover was attended by Economic Counselor for US Embassy Manila, Mr. David Gamble; Deputy Economic Counselor, Ms. Zeenat Syed; and Economic Officer, Mr. Douglas Fowler. Other BOC officials present at the ceremony are Enforcement Group (EG) Deputy Commissioner Teddy Sandy Raval, Intelligence Group (IG) Deputy Commissioner Raniel T. Ramiro and Enforcement and Security Service (ESS) Director Yogi Filemon Ruiz. ***PR***

# LandBank partners with DOTr to boost PH transport modernization

**CALOOCAN CITY (PIA)** -- The Land Bank of the Philippines (LandBank) has partnered with the Department of Transportation (DOTr) and its attached agencies on various programs in support of the National Government's transport modernization agenda.

Under the fuel subsidy scheme, LandBank has so far distributed direct cash grants worth P6,500 each to 122,311 transport operators who have been adversely affected by the implementation of COVID-19 safety protocols. Distribution of cash grants is ongoing and targeted for completion by April 2021.

The Bank has also extended appraisal services for the North-South Commuter Railway Extension Project (NSCR-Ex), which is designed to expand the existing mass transportation in Metropolitan Manila and adjacent areas. Likewise, under the Resettlement Action Plan Entitlements Distribution Mechanism, LandBank delivers cash entitlements to eligible residents and other Project-Affected Persons (PAPs) of the Extension Project.

The DOTr and LandBank will also team-up for the Pilot Production Testing of the Automatic Fare Collection System (ACFS), which will utilize convenient Mastercard EMVCo-compliant contactless cards to pay fares in public transport modes. An initial Proof of Technology demonstration was conducted last December 18, 2020.

Both of LandBank's transport lending programs—the SPEED-PUVs and I-RESCUE for BUS Transport—are closely coordinated with the DOTr to ensure their alignment with the Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP).

Interested borrowers may visit the nearest open LandBank Lending Center or Branch nationwide, or call LandBank's customer service hotline at (02) 8-405-7000 or at PLDT Domestic Toll Free 1-800-10-405-7000. ***(PIA NCR)***

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**LAND BANK OF THE PHILIPPINES,**
Creditor-Mortgagee

**Foreclosure Case No. F-133-20**

-versus-

**MARZAN PHARMA CORPORATION,**
Borrower-Mortgagor,
**VISITACION C. ARCAYAN,**
Mortgagor,

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **LAND BANK OF THE PHILIPPINES** with principal office address at Landbank Plaza, No. 1598 M.H. Del Pilar corner Dr. J. Quintos St. Malate, Manila against the Mortgagor/s, **MARZAN PHARMA CORPORATION (MPC), and VISITACION C. ARCAYAN**, with principal OFFICE ADDRESS/ES AT (1) Unit A. INMED Building 2241/1407 Rizal Avenue, Sta. Cruz Manila, (2) Suite 100, ACRE Building, 137 Malakas St., Barangay Central, Quezon City, (3) Unit 3-A, #22 Malingap St., Brgy. Teachers Village West, Quezon City and to satisfy the mortgage indebtedness as of **15 December, 2019** amounts to **ONE HUNDRED TWENTY SIX MILLION TWO HUNDRED TWENTY EIGHT THOUSAND EIGHT HUNDRED THIRTY SIX PESOS and 82/100 (P126,228,836.82)**, Philippine Currency, including interest, penalties, and other charges as of said date but exclusive of all the other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned sheriff will sell at public auction on **April 8, 2021** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Bldg. located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2016003665**

A PARCEL OF LAND (LOT 3431, S.C. DE MALABON ESTATE, CAVITE, L.R.C. RECORD NO. 6832), SITUATED IN THE BARRIO OF CABUCO, MUNICIPALITY OF TRECE MARTIRES CITY, PROVINCE OF CAVITE, BOUNDED ON THE NE., ALONG LINES 6-7-1 BY LOTS 3428 & 3430, ON THE SE, ALONG LINE 1-2, BY LOT 3432, ON THE SW., ALONG LINE 2-3-4-5 BY RIVER AND ON THE NW., ALONG LINE 5-6 BY LOT 3426 ALL OF STA. CRUZ DE MALABON ESTATE, CAVITE. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" **XXX CONTAINING AN AREA OF NINETEEN THOUSAND THREE HUNDRED FIFTY SIX (19,356) SQUARE METERS MORE OR LESS XXX**

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2018001586**

**LOT NO. 24** **BLOCK NO.1** **PLAN NO. PCS-04-029827**
**PORTION OF:** LOT 3445, FLS-1839, (STA. CRUZ DE MALABON ESTATE) AND LOT 1 BLOCK 120, PCS-04-028491)
**LOCATION:** BARANGAY OF CABUCO (FORMERLY PASONG BAKA) CITY OF TRECE MARTIRES, PROVINCE OF CAVITE
**BOUNDERIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | LOT 3446, STA. CRUZ DE MALABON ESTATE, FLS-1839 |
| 2-3 | SE | LOT 25, BLOCK 1, PCS-04-029827 |
| 3-4 | SW | ROAD LOT 6, PCS-04-029827 |
| 4-1 | NW | LOT 23, BLOCK 1, PCS-04-029827 |

**AREA: FORTY SQUARE METERS (40), MORE OR LESS.**

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2018001587**

**LOT NO. 23** **BLOCK NO.1** **PLAN NO. PCS-04-029827**
**PORTION OF:** LOT 3445, FLS-1839, (STA. CRUZ DE MALABON ESTATE) AND LOT 1, BLOCK 120, PCS-04-028491
**LOCATION:** BARANGAY OF CABUCO (FORMERLY PASONG BAKA) CITY OF TRECE MARTIRES, PROVINCE OF CAVITE
**BOUNDERIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SE | LOT 24, BLOCK 1, PCS-04-029827 |
| 2-3-4 | SW, SE | ROAD LOT 6, PCS-04-029827 |
| 4-5 | SW | LOT 22, BLOCK 1, PCS-04-029827 |
| 5-6 | NW | LOT 3442, STA, CRUZ DE MALABON ESTATE, FLS-1839 |
| 6-1 | NE | LOT 3446 STA. CRUZ DE MALABON ESTATE, FLS-1839 |

**AREA: EIGHTY SQUARE METERS (80), MORE OR LESS.**

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2018002439**

**LOT NO. 25** **BLOCK NO.1** **PLAN NO. PCS-04-029827**
**PORTION OF:** LOT 3445, FLS-1839, (STA. CRUZ DE MALABON ESTATE) AND LOT 1, BLOCK 120, PCS-04-028491
**LOCATION:** BARANGAY OF CABUCO (FORMERLY PASONG BAKA) CITY OF TRECE MARTIRES, PROVINCE OF CAVITE
**BOUNDERIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SE | LOT 26, BLOCK 1, PCS-04-029827 |
| 2-3 | SW | ROAD LOT 6, PCS-04-029827 |
| 3-4 | NW | LOT 24, BLOCK 1, PCS-04-029827 |
| 4-1 | NE | LOT 3446, STA. CRUZ DE MALABON ESTATE, FLS-1839 |

**AREA: FORTY SQUARE METERS (40), MORE OR LESS.**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **April 15, 2021** without further notice.

Prospective bidders/ buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City January 19, 2021

**ANDRES B. ESPINA**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**LAND BANK OF THE PHILIPPINES**
Landbank Plaza
No. 1598 M.H. Del Pilar corner Dr. J. Quintos St. Malate, Manila

**MARZAN PHARMA CORPORATION (MPC),**
**EDISON B. MARIAN and VISITACION C. ARCAYAN,**
Unit A, INMED Building 2241/
1407 Rizal Avenue, Sta. Cruz Manila;
Suite 100, ACRE Building
137 Malakas St., Barangay Central, Quezon City;
Unit 3-A, #22 Malingap St.,
Brgy. Teachers Village West, Quezon City

**WARNING:** IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE OR DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE.

**Publication: HANEP** January 25, February 1 and 8, 2021

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
Mortgagee/Assignee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C. NO. 17086-20**

**SUSANA S. SEGUMALIAN,** as Atty.-in-Fact of her husband **EUGENIO S. SEGUMALIAN**
Mortgagors,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC)**, mortgagee, with principal place of business at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **SUSANA S. SEGUMALIAN,** as Atty.-in-Fact of her husband **EUGENIO S. SEGUMALIAN,** with residence and postal address at Bahayang Pag-Asa Subd. Lot 11 & 9 Blk.2 Ph-WL, Imus, Cavite and/or B13 L15 Soldiers Hills IV, Bacoor, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 31, 2020 amounts to **TWO MILLION TWO HUNDRED THIRTY NINE THOUSAND NINE HUNDRED EIGHTY ONE PESOS & 29/100 (Php 2,239,981.29)**, Philippine Currency, excluding interest, penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on **March 9, 2021** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Imus Hall of Justice, Aguinaldo Highway, Imus City, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following properties with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-503327**

"A parcel of land (Lot 11, Blk.2 of the cons.-subd. plan, Pcs-042109-008348, being a portion of the cons. of Lot 5500-B (LRC), Psd-195903 & Lot 5500-A-9-A, Psd-04-007967, L.R.C. Rec. No. ), situated in the Brgy. of Tanzang Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the NE., along line 1-2 by Lot 12, on the SE, along line 2-3 by Lot 13, both of Blk. 2; on the SW., along line 3-4 by Road Lot 2; 5; on the NW, along line 4-1 by Lot 9, Blk.2, all of the cons.-subd. plan x x x containing an area of THIRTY FIVE (35) SQUARE METERS " x x x

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-503328**

"A parcel of land (Lot 9, Blk.2 of the cons.-subd. plan, Pcs-042109-008348, being a portion of the cons. of Lot 5500-B (LRC), Psd-195903 & Lot 5500-A-9-A, Psd-04-007968, L.R.C. Rec. No. ), situated in the Brgy. of Tanzang Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 11, Blk. 2; on the SW, along line 2-3 by Road Lot 2; on the NW., along line 3-4 by Lot 7; 5; on the NE, along line 4-1 by Lot 10, both of Blk.2, all of the cons.-subd. plan x x x containing an area of THIRTY FIVE (35) SQUARE METERS " x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **March 16, 2021** at 10:00 in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said properties and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **December 16, 2020**

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED:

**ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court V
Officer-in-Charge

**COPY FURNISHED:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
5/F Filomena Bldg.104 Amorsolo St. Legaspi Village, Makati City

**SUSANA S. SEGUMALIAN**, as Atty.-in-Fact of her husband
**EUGENIO S. SEGUMALIAN**
Bahayang Pag-Asa Subd. Lot 11 & 9 Blk.2 Ph-WL, Imus, Cavite and/or
B13 L15 Soldiers Hills IV, Bacoor, Cavite

**Publication: HANEP** February 8, 15 and 22, 2021

# LSPU partners with DOST, DepEd, IDD Lab for RoboTeach Olympics 2021

**LOS BAÑOS, Laguna --As part of its extension project, the Laguna State Polytechnic's (LSPU) collaborated with DOST-CALABARZON, DepEd Schools Division Office of San Pablo City, and Ideation Design and Development Laboratory (IDD Lab) for the staging of the RoboTeach Olympics 2021 last January 29, 2021 at the Crecencia Drusila Lopez Senior High School.**

The RoboTeach Olympics 2021 aimed to prepare and equip the 25 teachers from various schools in the city of San Pablo with the knowledge and experience of robotics technology.

DOST-CALABARZON officer-in-charge Regional Director Ms. Emelita P. Bagsit in her inspirational message, emphasized that designing, developing, and prototyping robots can be done through the IDD Laboratory. She also encouraged everyone to further pursue and learn more about robotics and technology in general.

"Now that we have the learnings, the knowledge, the important challenge is how to share this knowledge to our students," Bagsit said.

Meanwhile, Prof. Angela Reginaldo, Director of the LSPU Extension and Training Services, echoed Ms. Bagsit's sentiments on knowledge sharing which according to her, the event caters not only to teachers but to their students as well.

"Iba na po talaga ang landas na tinatahak ng edukasyon ngayon," she added, "We give our services for free but in return, i-extend po natin kung ano ang natutunan natin dito, doon [to students]."

Dr. Edilberto Andal, IDD General Operations Manager, mentioned that the activity was originally set last April 2020 was delayed because of the pandemic. However, he also commented that it is because of the pandemic that people are led to explore the possibilities of technology.

"Ang objective po nito ay makapag-conduct ng training sa basic programming and product assembly para makapag-provide ng tech assistance sa DepEd," Dr. Andal shared.

Aside from this, Dr. Andal mentioned that the activity aims to produce instructional materials on robotics and to provide ample training for students. "It is you who will be the catalyst, it is you who will ignite," he added, "Education is a continuous process."

The RoboTeach Olympics was divided into two main competitions, the Line Tracing and the ZumoBot Competition, and special awards were handed to winners for the Best Robot Design, People's Choice Award, and the Best Presenter.

Before the contest proper, the 25 contestants presented their robots and the materials used in creating them like recycled materials ranging from recycled bottles, bottle caps, food packagings, to patched illustration boards.

The contestants that garnerred special awards and the winners in each category are as follows:

Best Robot Design - Joseph M. Gutierrez from San Cristobal Elementary School
People's Choice Award - Ronel L. Dela Cruz of San Pablo Central School
Best Presenter - Ronel L. Dela Cruz of San Pablo Central SchoolZumoBot Competition:
Champion - Mediel B. Lopez of San Isidro National High School
2nd Place - Herbert R. Laluz of Prudencia D. Fule Memorial National High School
3rd Place - Aldrine L. Dellosa of Sto. Angel National High School
Line Tracing Competition:
Champion - Philamer G. Quilla of San Pablo Central School
2nd Place - Joseph M. Gutierrez of San Cristobal Elementary School
3rd Place - Romel F. Partoza of Del Remedio National High School




# VIVA MORENA, NANAIG! ILLEGAL NA BOOKIES, MULING SINALAKAY!

Naging positibo ang tugon ng Philippine Racing Commission (PHILRACOM) sa aplikasyon ng Metro Turf na magkaroon ng karera sa araw ng Martes at Miyerkules. Kaya naman isang magandang labanan ang ating nasaksihan noong Enero 27 araw ng Miyerkules kung saan ay nanaig ang kabayong si Viva Morena na sinakyan ng hineteng si Danny Boy Camanero laban sa kabayong si Sky Candy ni Jessie Guce. Sa simula ng karera ay agad na kinuha ni Viva Morena ang unahan habang nakasunod si Sky Candy sa ikalawang puwesto. Mapapansin na tila nanikit sa aparato ang kabayong si Prime Time Magic na naging sanhi ng kanyang pagkabugaw, nasa malayong ikatlong puwesto naman si The Accountant na sinakyan ng hineteng si OP Cortez, pang- apat ang kabayong si Abetski na nirendahan ni Kelvin Abobo, panglima si Spandau Ballet na ginabayan ng hineteng si RD Raquel Jr., habang nasa ika-anim na posisyon ang kabayong si Gomper Girl na pinatungan ng hineteng si Unoh Hernandez. Pagpasok sa medya milya ay halos pantay sa unahan sina Viva Morena at Sky Candy habang nasa malayong ikatlo pa rin si The Accountant at kumakayod sa ika-apat si Gomper Girl. Pagdating sa 600 meters ay nakalalamang si Viva Morena ng kalahating kabayong agwat laban kay Sky Candy at pagsapit sa huling kurbada ay pinipilit na lumayo ni Viva Morena ngunit hindi pa rin bumibitiw si Sky Candy at muling dumidikit sa unahan. Pagdating sa huling 100 meters ay napapansin ng hineteng si Danny Boy Camanero ang papalapit na si Sky Candy kung kaya't walang tigil niyang pinalo at kinayog ang kabayong si Viva Morena hanggang makatawid sa meta. Nanalo si Viva Morena ng kalahating kabayong agwat laban sa nasegundo na si Sky Candy, pangatlo si The Accountant at pang-apat si Spandau Ballet. Naorasan si Viva Morena ng tiyempong 1:24.2 (13-22-23-26') para sa distansiyang 1,400 meters. Samantala, muling sinalakay ng pinagsamang puwersa ng Games and Amusement Board (GAB) Anti- Gambling Division at Manila Police District (MPD) ang illegal bookies sa Tondo, Manila na nagresulta sa pagkaka-aresto ng dalawang operator kamakailan. Muling kumilos ang GAB- AIGD sa pamumuno ni SGI-2 Glenn Pe at operatiba ng Manila Police District (MPD) Special Operation Unit, sa pangunguna ni PCPT Jervies Soriano, Deputy Chief, sa patnubay ni PMAJ Cicero Pura, para masawata ang mga pasaway sa panulukan ng Franco St. at Pavia St. Brgy.62 Zone 2. Sinampahan ng kaukulang kaso na paglabag sa Presidential Decree 1602 o Anti- Gambling (Illegal Horse Racing Bookies) ang dalawang nadakip na sina Benjie Morales at Jaymee Cortega.

# Batangas Capitol patuloy ang tulong pinansiyal sa mga repatriated/distressed OFWS

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)--**Muling namahagi ng ayudang pinansiyal sa mga nawalan ng trabaho, pinauwi at hindi pa makaalis na mga Batangueño Overseas Filipino Workers (OFWs) ang Pamahalaang Panlalawigan ng Batangas noong Enero 28 na ginanap sa DREAM Zone, Capitol Compound.

Ang naturang financial distribution ay bahagi ng programang Assistance to Repatriated/Distressed OFWs na patuloy na isinasagawa ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).

May 105 indibidwal ang tumanggap ng halagang P5k bilang ayudang pinansyal.

Ang proyektong ito ay tulong para sa mga Batangueño OFWs na nawalan ng trabaho o hindi pa agad makaalis ng bansa papunta sa mga bansang kanilang pinagtatrabahuhan dulot ng COVID-19 restrictions.

Ilan sa mga requirements ay ang termination letter due to COVID-19, proof of loss of employment due to COVID-19, passport with picture at arrival and departure stamp, at active contract o employment offer.

Para sa mga nais magpasa ng aplikasyon at may mga katanungan tungkol sa ayuda, maaaring makipag-ugnayan sa PSWDO, sa pamamagitan ng kanilang Facebook page na "@ PSWDOBATS", mag walk-in sa kanilang opisina sa PSWDO Bldg., Capitol Compound, Batangas City, o tumawag sa numerong (043) 723 4024.

Sa kasalukuyan, tuloy pa rin ang pagtanggap ng mga aplikante PSWDO para sa nasabing tulong. ***(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas/Batangas PIO)***

# PSA LEADS CIVIL REGISTRATIONMONTH CELEBRATION

The Philippine Statistics Authority RSSO IV-A in Lipa City, Batangas commenced the month-long celebration of the 31st Civil Registration Month with an Opening Ceremony held on 1 February 2021 geared towards the theme: "Strengthening Civil Registration and Vital Statistics' Digital Information: The Ways to Manage the New Normal".

Walk-in clients at the CRS Serbilis Outlet were enjoined to be part of the program being the very public that PSA serves for their vital document needs. Ms. Juliedin B. Nohay, CRS Outlet Supervisor in her presentation stressed the importance of registering vital events along with its legal, administrative and statistical uses. She also shared the region-wide activities of the PSA in relation to Civil Registration Month this year and guided the clients on the processes in the issuance of civil registry documents. Important points in addressing common problems affecting birth documents were discussed by Ms. Marites A. Dimaano while Ms. Marife C. Bautista, Administrative Officer IV, served as moderator during the open forum wherein clients were given the chance to ask questions and suggestions, info-campaign materials were also distributed.

In her closing message, Ms. Aleli Jane A. Reaño, Accountant III, emphasized that despite the COVID-19 pandemic, PSA will continue to serve them and on-line services PSA offers in securing documents can also be availed by our people.

The PSA activities are on its way this February to continue its commitment for the achievement of the goals of Civil Registration Vital Statistics (CRVS) Decade and to bring civil registration services and vital statistics closer to the public. ***PR***

# Lucban LGU heightens health protocols ahead of Lenten season

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** - The Municipality of Lucban is tightening its health protocols starting this month, a few weeks ahead of the Lenten season.

In his Executive Order No. 20, Mayor Celso Dator has ordered that more stringent border security measures be implemented in their town in preparation for the influx of tourists and devotees to ensure the safety and well-being of the public.

In accordance to the new guidelines by the Inter Agency Task Force on COVID-19, only residents aged between 16 and 64 are allowed to leave their homes. However, movement are still limited to essential purposes.

Aside from the strict compliance to health protocols, residents must also present documents certifying that they are physically fit to travel, as well as health declaration forms and their personal contact information, secured at least three (3) days before entering the municipality.

Meanwhile, visitors who previously travelled abroad or other areas with high infection must present their RT-PCR swab test results which was taken two weeks before their visit. Checkpoints will also be strategically placed in all of the town's entry and exit points.

Repatriated residents from abroad are required to present their health certificate, Health declaration forms and results to their Rapid Antigen Test or RT-PCR test three (3) days before entering municipal borders.

Gatherings, such as work conferences, weddings or birthdays are allowed, provided that attendees are limited to fifty percent (50%) of the venue's capacity.

Deliveries and other business transactions of non-residents, including those who are employed within the municipality, are also required to present health declaration forms and travel pass, along with their personal contact information.

Lucban is a famous destination for tourists and devotees during the Lenten season. Kamay ni Hesus, one of its tourism landmarks, is also one of the tallest Christ statues in the country and is flocked by hundreds of pilgrims annually. ***(PB)***

# DOT bats for local tourism as 'new normal'

**CALAMBA CITY (PIA)** - Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat recognized the role of Laguna province in rebooting the region's tourism industry amid the COVID-19 pandemic.

In a recent meeting with tourism stakeholders in the province, Romulo-Puyat acknowledged Laguna's contribution in national tourism as with the second highest arrivals and pulling in 207,000 tourists.

"I would like to thank the provincial and local government units of Laguna, as well as our tourism stakeholders, for your steadfast cooperation and collaboration in these efforts to restart tourism." the Tourism Secretary said.

In a bid to promote local tourism, the Department of Tourism Region IV-A (CALABARZON) collaborated with various local government units in the region to support their flagship program called the GREEN Corridor Initiative, which promotes product development focused on farm, culinary and ecotourism under the new normal, all the while strictly observing minimum health and safety protocols.

"This flagship domestic tourism program aims to spur the recovery of the Laguna Tourism Cluster into the new normal," Puyat said.

Through the regional tourism office, the DOT will continue to conduct on-site inspections of accommodation establishments to ensure strict compliance to the guidelines set by the Inter Agency Task Force (IATF).

Meanwhile, Laguna Governor Ramil Hernandez assured stakeholders of the local government's continuous support in the safe reopening of tourism in the region.

"Even before the pandemic, confident ako na naipapatupad ng maayos ang mga health protocol." Hernandez said, highlighting the provincial government's standing order to authorities to exercise maximum tolerance when enforcing quarantine protocols.

House Committee Chairperson on Tourism and Laguna Third District Rep. Sol Aragones also rehashed the importance of promoting local tourism, which provided ample livelihood to her district.

"[Let us] promote domestic tourism. Kapag maayos ang turismo sa isang bayan, magiging maayos ang kabuhayan ng mga mamamayan." Aragones said. ***(with reports from PNA)***

# Pagsasalba sa mga nahinto, nawalan ng trabaho tinututukan ng DOLE

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Inilatag ni Labor and Employment Secretary Silvestre Bello III ang iba't ibang hakbangin ng ahensya upang tugunan ang muling pagbabalik ng mga nahinto sa trabaho, at paglikha ng iba pang oportunidad upang magkaroon ng mapapasukan ang mga nawalan.

Sa ginanap na paglalagak ng busto ni Gat. Blas F. Ople sa harapan ng Blas F. Ople Provincial Livelihood Training Center bilang pagpupugay sa Ika-94 Taong Anibersaryo ng kanyang kapanganakan, sinabi ng kalihim na tinututukan ng DOLE ang employment facilitation kung saan hinahanap ng ahensya kung saan-saang kumpanya ang may binubuksan na trabaho.

Halimbawa na aniya rito ang 30,000 kailangan sa sektor ng Business Processing Outsourcing at iba pang 5,000 sa iba't ibang kumpanya.

Kailangan lamang aniya na ang isang naghahanap ng trabaho na nais pumasok dito ay makipag-ugnayan sa mga Public Employment Service Office sa mga bayan at lungsod.

Pinaiigting din ng DOLE ang pagsasagawa ng mga capacity building at career guidance upang magkaroon ng retooling ang mga propesyunal o indibidwal na makalipat ng ibang uri ng trabaho mula sa dati nilang pinapasukan na wala na.

Ayon kay Bello, katuwang ng DOLE sa mga programang ito ang Department of Trade and Industry at Technical Education and Skills Development Authority sa ilalim Trabaho, Negosyo, Kabuhayan.

Ibinalita rin ng kalihim ang ibinabalangkas na National Employment Recovery Strategy sa tulong din ng nasabing mga ahensya upang tulungang buksan muli ang mga nagsarang mga pribadong establisemento at makabalik ang mga nahinto o nawalan ng trabaho.

Nakapaloob dito ang paglalaan ng 20 bilyong pisong wage subsidy upang tulungang punan ang 25 hanggang 50 porsyentong pasahod ng mga pribadong establisemento sa kanilang mga manggagawa.

Kaugnay nito, ngayong nahaharap sa hamon ang bansa dahil epekto ng pandemya sa kalagayan ng trabaho at mga manggagawa, sinabi rin ni Bello na nananatili aniyang isang malaking inspirasyon si Ople para sa determinasyon at pagkakaroon ng mataas na pag-asa. ***(CLJD/SFV-PIA 3)***

# 2 tirador ng motorsiklo, tiklo

**SA** tulong ng Facebook, naaresto sa entrapment operations ang dalawang kalalakihan, habang tinutugis ang isa pa nilang kasamahan na hinihinalang mga tirador ng motorsiko matapos na ibenta sa mismong may-ari sa parking lot ng isang kilalang mall sa Rosario, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Mevin Torres Dumali, 25; at Harold Medina Domdom, 45, kapwa ng Brgy Ligas 2, Bacoor City.

Sinusulat ito ay pinaghahanap ang kasamahan nilang nakatakas na si Rodel Punzalan Mercado, ng Brgy Bayanan, Bacoor City.

Kinilala ang biktimang si Jayson Betito, 36, may-asawa, sari-sari store owner, ng Manila East Road, Dolores, Taytay, Rizal.

Sa ulat ni Pat. Ricado Mendoza, ng Rosario Municipal Police Station, dakong alas-8:00 ng gabi noong November 14, 2020 nang tangayin ng di nakilalang mga suspek ang motorsiklong Yamaha Mio Sporty ng biktima habang nakaparada sa kanilang lugar.

Pero nitong February 2, 2021, nakita ng kaibigan ng biktima na ibinebenta ang naturang motorsiklo sa pamamagitan ng Facebook kaya ipaalam ito ng una sa huli.

Agad namang kinontak ni Betito ang nagbebenta ng motorsiklo.

Nagkasundo ang biktima at ang seller na magkikita sa parking lot ng SM Rosario sa Brgy Tejeros Convention ng alas-11:30 Miyerkules ng umaga.

Pero bago nakipagkita ang biktima ay nag-report muna sa Rosario MPS kung saan ikinasa ang entrapment operations.

Sa naturang lugar, nakita ng biktima ang ibinebentang motorsiklo na pag-aari niya kasama ang dalawa pang suspek na nakasakay din ng motorsiklong kulay pula na Yamaha Mio Sporty na may plakang PI 5605 at isang Yamaha Nmax na kulay itim kung saan sakay si Mercado na pinaniniwalaang mga nakaw din.

Matapos ang sandaling pag-uusap, iniabot ng biktima ang halagang P40,000 na boddle money kay Dumali at sa puntong ito ay naging hudyat upang arestuhin ang mga suspek.

Gayunman ay nakatunog si Mercado at nakatakas.

Nabawi ang motorsiklo at ang dalawang naarestong suspek ay nasa kustodiya ng Rosario MPS para sa kaukulang kaso. **GENE ADSUARA**

# INVESTOR REINTRODUCES 'PROBATON' FOR FRONTLINERS

**Francisco 'Popoy' Pagayon is reintroducing "Probaton"—a patented truncheon made of rubber--to equip security frontliners after President Rodrigo Duterte asked the police to use batons as the "first line of defense".**

"This is in response to the call of the president. Probaton, which is protected by patent, is ideal for our security frontliners, peace officers and village watchmen," says Pagayon, who is the president and chief executive of Filipino Inventors Society Producers Cooperative.

FISPC maintains a showroom along EDSA in Quezon City in partnership with the Department of Science and Technology's oneStore that showcases Filipino products and inventions.

President Duterte said in December that he wanted the police to use baton, made of hard rubber instead of wood, as first line of defense. "When a person resists arrest and becomes violent, the first impulse of the police [officer] without a baton is to hold his gun. He might not draw it, but he holds his gun ready for action. If you have a baton, you hit just the hand or the body and that's painful. Maybe you can subdue the person resisting arrest or the criminal," the president was quoted as saying.

Security frontliners are using rattan at the moment, but the president said he would look for the budget to arm them with rubber batons.

Pagayon, an entrepreneur who likes to develop new tools, says he is willing to provide affordable but high-quality "Probaton" which he developed in 1978. After improving the design over the years and getting the patent in 1994, Pagayon reintroduced the truncheon as "Probaton" which has armed thousands of policemen and village watchmen across the country.

Probaton, short for police reconnaissance operation baton, is one of the several inventions that Pagayon is credited for. He says he registered Probaton after being informed that its design could be considered an invention.

"Probaton is my best friend. That's what has fed my family and built my business over the years," Pagayon says.

"Probaton has been in use by our law enforcers and



***Francisco 'Popoy' Pagayon***

village watchmen for many years now. It passed the rigid inspection and review by the Philippine National Police Research and Development as well as the test and evaluation by the Philippine Army Materials Division. It is designed as the first line of defense for our peace officers, given its perfect length, weight, shape, quality of material, handle and grip," says Pagayon.

"It is meant as a defensive tool, but you can also swing it to shove attackers. It comes with a manual, personal training and demonstration on how to use it properly," he says.

Pagayon says Probaton is ideal for frontliners who manage large crowd and implement social distancing. "Frontliners can use it to measure distance between persons and can guide them to observe social distancing. This would also calm the crowd who might panic at the sight of Armalite carried by law enforcers in full battle gear," he says.

"There were incidents in the past that arguments between frontliners and suspicious individuals resulted in violence and even deaths. With Probaton, this could be avoided. Law enforcers could also use it to defend themselves and knock down an attacker without causing serious injuries to the body," he says.

"It is time to reintroduce Probaton because of the president's call for a better alternative to firearms as first line of defense. It looks better than rattan. In fact, it is a high-quality defense equipment. In dealing with unruly suspects, you can use this took to knock down the attacker, but this would not break their bones because it is made of rubber," he says.

Probaton is the best-selling item among the products of Oral Educational Distributor Media Affairs Inc., the company established by Pagayon in 1980. The company sells school equipment and general merchandise goods, which were improved and developed through Pagayon's "imagineering."

Pagayon, 75, did not finish high school and did not plan to become an inventor. He says he became one by accident. "When my company started dealing with the government, I developed innovative products for schools such as armchairs, whose desktops can be switched from left to right. I did not know it was an invention. My friends in government told me I can secure patent for that. So I joined and registered," Pagayon says.

Aside from Probaton, Pagayon is also the inventor of Portasol—a multi-purpose solar thermal post-harvest speed dry tray, which saves space and ensures the high quality of products while drying grains or fish.

Another popular invention of Pagayon is the Ambidex convertible school chair, which can be adjusted for left or right-handed use.


He also invented Reverse Applied Retro Reflective Elements on Alphanumerics for vehicle license plates.

Recently, he developed new products such as solar-powered lighting systems with multi-purpose chargers, solar-powered street lamps, rescue boats with solar-powered lighting systems and electric firecrackers.

His latest project is GreenGrow gardening and reforestation tool kit—a tool box for "plantitos" and "plantitas" engaged in urban gardening. ***PR***



**NAGSAGAWA** ng checkpoint ang mga tauhan ng sub-station PCP-4 sa pamumuno ni P/Lt.Jerry Gelisanga at naaresto ang dalawang suspek na sina Marvin Mabasa at John Bryan Guetan na nakumpiskahan ng limang pirasong plastic sachet ng hinihinalang shabu sa Barangay San Isidro sa lungsod ng P'que. Ang mga naging seizing officer ay sina PCPL John Ronald Nicolas at PAT Joey Tambuan. ***(JIMMY HAO)***




## Kulang sa taas

**MAY** rekomendasyon ang isang mambabatas sa Philippine National Police.

Ito ay tanggapin o payagan ang mga senior high school graduates sa hanay ng pulisya.

Pwede naman ang mungkahing ito at kailangan lamang ng PNP ang masusing pag-aaral.

Paano sila ipupuwesto o anong partikular na tungkulin ang iaatang sa kanila?

Maaari kasing magkaroon ng komplikado para naman doon sa mga nakapagtapos ng kolehiyo.

Hindi naman sa tinitingnan kung college graduate o senior high school graduate pero kung mangyayari ito ay dapat nasa maayos na sistema ng pagpapatupad ang pamamaraan ng PNP.

Para naman hindi magkaroon ng iringan at kompetisyon sa magkabilang panig.

Tungkol pa rin sa pagpupulis, nakalusot na sa ikatlo at huling pagbasa sa Kamara ang panukalang batas para babaan ang height requirement sa mga aplikante.


Hindi lang sa PNP kundi maging sa Bureau of Fire Protection, Bureau of Jail Management and Penology at Bureau of Corrections.

Ang House Bill No. 8261 o mas kilala bilang PNP, BFP, BJMP and BuCor Height Equality Act ay naglalayong maamyendahan ang Republic Act No. 6975 na ang minimum height requirement ay 1.62 meters sa kalalakihan at 1.57 meters sa kababaihan.

Sa naturang panukala ay ibababa sa 1.57 meters, o 5-foot-2 para sa mga lalaki habang 1.52 meters o 5-foot naman sa mga babae.

Okey ito dahil marami talagang gustong maging jail guard, bumbero at lalo na ang pulis subalit kulang sa taas o tangkad.

Pero ang mga aplikante para maging kadete ng Philippine National Police Academy ay nasa 1.62 meters pa rin ang height requirement sa kalalakihan at 1.57 meters sa kababaihan.



**WALANG** kawala ang dalawang suspek na sina Brex Daging y Maluray at Albert Lacsina na nahulihan ng limang pirasong plastic sachet ng hinihinalang shabu sa isinagawang buy bust operation ng mga tauhan ng SDEU sa Dela Rama St., Barangay B.F. sa lungsod ng P'que. Ang naging seizing officer ay si PCPL Noel Engay Jr. at ang arresting officer ay sina PCPL Michael Ignacio, at PCPL Emel dela Cruz. ***(JIMMY HAO)***